# Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan

## Papaano ako mag-a-apply para sa numero at tarheta ng Social Security?

Sa pangkalahatan, ang mga hindi mamamayan lang na may pahintulot na mag-trabaho mula sa Department of Homeland Security (DHS) ang maaring makapag-apply para sa numero ng Social Security. Upang mag-apply para sa numero ng Social Security kailangang:

- Buuin ang *Aplikasyon Para Sa Tarheta Ng Social Security* (Form SS-5-TL); at
- Ipakita sa amin ang mga orihinal na kasulatan na nagpa-patunay ng iyong:
  —Pang-darayuhang katayuan;
  —Pagiging may karapatang mag-trabaho;
  —Edad; at
  —Pagka-kakilanlan.
- Ang binuong aplikasyon ay dalhin kasama ang mga orihinal na kasulatan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

### Pang-darayuhang Katayuan

Para mapatunayan ang iyong pang-darayuhang katayuan sa U.S., dapat mong ipakita sa amin ang iyong pang-kasalukuyang katibayan ng pang-darayuhang katayuan sa U.S., ang I-94, *Arrival/ Departure Record* (*Talaan ng Pagdating/Pagalis*), na ipinagkaloob sa iyo noong dumating ka sa United States. Kung ikaw naman ay mag-aaral na may taguring F-1 o M-1, ka-kailanganin mo ring mag-pakita sa amin ng iyong I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status* (*Katibayan ng Pagiging may Karapatan para sa Walang Pang-darayuhang Katayuan ng Mag-aaral*). Kung ikaw naman ay nasa pangkat ng J-1 o J-2 exchange visitor (naki-kipagpalit na panauhin), dapat mo kaming pakitaan ng DS-2019 mo, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor* (*Katibayan ng Pagiging may Karapatan sa Katayuang Panauhing Naki-kipagpalit*).

### Karapatan para sa pagta-trabaho

Para sa karamihan ng mga dayuhang manggagawa, ka-kailanganin lang naming makita ang iyong I-94, *Arrival/Departure Record* (*Talaan ng Pagdating/ Pagalis*). Nararapat ding ipakita ng ilan sa mga dayuhang manggagawang ito ang kanilang work permit (ka-pahintulutang mag-trabaho) mula sa DHS (I-766 o I-688B). Ang mga pang-daigdigang mag-aaral ay dapat magpakita ng karagdagang kasulatan.

Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang Mga *Pandaigdigang Mag-aaral At Mga Numero ng Social Security* (Publication No. 05-10181-TL).

### Edad

Dapat kang mag-bigay ng katibayan ng iyong kapanganakan kung ito ay nasa sa iyo o kung ito ay madali mong makukuha. Kung hindi naman, maaari naming isa-alang alang ang iba pang mga katibayan, tulad ng iyong pasaporte o kasulatan na ipinag-kaloob ng DHS, para mapatunayan ang iyong edad.

### Pagka-kakilanlan

Tatanggapin lang namin ang ilang tiyak na katibayan bilang katunayan ng pagka-kakilanlan. Ang papayagan naming katibayan ay dapat pang-kasalukuyan at (hindi expired) dapat na nakikita ang pangalan mo, makapag-tuturo ng kaalamang nauukol sa iyong pagkaka-kilanlan at kung maaari, mas gugustuhin namin ang kama-kailan lang na kakukukuhang larawan mo. Hihilingin ng Social Security na matingnan ang iyong mga kasalukuyang katibayan na nanggaling sa U.S. Immigration. Kabilang sa mga tinatanggap na kasulatan ng immigration ay ang iyong:

- Form I-551 (kasama dito ang immigrant visa na madaling mababasa ng makina, kasama ng hindi pa expired na pang-darayuhang pasaporte );
- I-94 kalakip ng hindi pa expired na pang-darayuhang pasaporte; o
- Work permit card (tarhetang may kapa-hintulutang mag-trabaho) na galing sa DHS (I-766 o I-688B).

***Ang lahat ng mga katibayan ay ka-kailanganing dapat orihinal o pagpa-patunay na kopyang galing sa tagapag-alaga ng mga talaan. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopies o mga ipina-notaryong kopya ng mga katibayan.*** Hindi rin kami maaaring tumanggap ng resibo na nagla-lahad na ikaw ay nag-apply para sa katibayan. Maaari namang ang isang katibayan ay magamit namin ng dalawang layunin. Ang halimbawa nito ay ang iyong work permit na galing sa DHS para sa magka-samang pagpa-patunay ng karapatan sa pagta-trabaho at pagka-kakilanlan. ***Ganoon pa man, dapat kang mag-bigay ng humigit kumulang dalawang magka-bukod na katibayan.***

Ipapadala namin ang iyong tarheta at numero kapag napatunayan na namin ang mga kasulatan mo sa DHS. Habang naghi-hintay ka ng numero ng Social Security mo, ang iyong pinagli-lingkuran ay maaaring manga-ilangan ng kasulatang nag-mula sa amin na

(kabila)

nagpa-patunay na ikaw ay naghain na ng numero. Magagamit ng pinaglilingkuran mo ang iyong mga katibayang nanggaling sa DHS na nagpa-patunay na ikaw ay may kapahintulutang mag-trabaho sa United States. Maka-kukuha din ng marami pang kaalaman ang mga pinagli-lingkuran sa Internet na matatagpuan sa ***www.socialsecurity.gov/employer/hiring.htm***.

## Ano ang maaari kong gawin kung manga-ngailangan ako ng numero para sa layuning pang-buwis?

Kung kailangan mo ng numero para sa layuning pang-buwis at ikaw ay walang kapahintulutang mag-trabaho dito sa United States, maaari kang mag-apply para sa numero ng pagka-kakilanlan ng pang-isahang taong nagbabayad ng buwis (individual taxpayer identification number) galing sa Internal Revenue Service (IRS). Personalang bumisita sa IRS o tawagan ang libreng numero ng IRS sa, **1-800-TAXFORM** (**1-800-829-3676**), at humingi ng Form W-7, *Application For An Individual Taxpayer Identification Number* (*Aplikasyon Para Sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Pang-isahang Taong Nagbabayad ng Buwis*).

## Ka-kailanganin ko pa ba ng numero para sa iba pang mga paglilingkod ng pamahalaan?

Ang mga hindi mamamayang nakapasok ng may ganap na kautusan ng batas ay maaaring makakuha ng maraming mga benepisiyo at mga paglilingkod ng walang numero ng Social Security. Hindi mo na kailangan ng numero upang mangasiwa ng kalakalan sa bangko, magpatala sa paaralan, mag-apply para sa mga pang-karunungang pagsu-sulit, mag-kamit ng pansariling kaseguraduhan ng kalusugan (private life insurance), mag-apply para sa mga palatuntunang pananghalian sa paaralan o mag-apply para sa pang-tahanang pananalaping pantulong (subsidized housing). Hindi ka maaaring kumuha ng numero ng Social Security sa tanging kadahilanang makakuha ka lang ng lisensiya para sa pagmamaneho.

Kung ikaw ay walang pahintulot na mag-trabaho, makakakuha ka lang ng numero ng Social Security kung:

- Ang batas ng federal ay nag-aatas na ipakita mo ang iyong numero ng Social Security upang makakuha ka ng may katangiang benepisiyo o paglilingkod; o
- Ang state o lokal na pamahalaan ay kinakailangan kang mag-bigay sa kanila ng numero ng Social Security para makakuha ka ng pangka-lahatang pagtulong na kung saan ikaw ay may karapatan na.

Kung kailangan mo ng numero para tumupad sa pang state o local na pangangailangan, ka-kailanganin mong dalhan kami ng sulat galing sa sangay ng pamahalaan. Ito ay dapat nakasulat sa letterhead stationery (hindi hinubog na kasulatan o ng mga photocopy), at dapat;

- Naka-detalyeng nagtuturo na ikaw ang nagpi-prisinta;
- Na ba-banggitin mo ang pang-batasang pag-uutos sa iyo na magkaroon ka ng numero ng Social Security;
- Hayagang pinapatunayang nakamit mo na ang lahat ng mga pangangailangan ng tanggapan, maliban sa pagkakaroon ng numero; at
- Naglalaman ng pangalan at telepono kung sino ang matatawagan sa sangay na ito.

Hindi mo magagamit para mag-trabaho kung natalagahan ka man ng numero, ito ay para sa mga layuning hindi para magkapag-trabaho. Ipapa-alam namin sa DHS kung halimbawa namang gagamitin mo ang naitalagang numero ng Social Security sa trabaho.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10096-TL
Social Security Numbers For Noncitizens (Tagalog)
December 2005